# PAGTULONG SA MGA BATA UPANG MATUTO NG WIKA

Ang mga bata ay madaling maturuan ng wika kapag sila ay magkakaroon ng maraming pagkakataong makining sa taong nagsasalita at kinakausap ng mga taong malalapit sa kanila. KAbilangng dito ang kanilang mga magulang, kuya at ate, iba pang miembro ng pamilya, kaibigan at tagapag-alaga. Ayon sa mga tagapagsaliksik, ang mga bata ay madaling matuto ng pangalawang wika kapag alam nila mismo ang kanilang unang wika o lengguwahe. Ang mga sumusunod na mungkahi ay mga pamamaraan upang matulungan ang mga bata na matutong magsalita ng kanilang sariling wika at maging ang iba pang mga wika.

## Paano mo matulungan ang mga bata upang matuto ng wika

### Pakikinig

Ang pakikinig sa mga bata ay mahalaga. Kailangang masanay sila sa pagsasalita. Kapag sila ay inyong pinapakinggan habang nagsasalita, malalaman nila na ang kanilang sinasabi ay may kahalagahan para sa ibang tao.

### Gumamit ng simpleng salita

Ang mga batang musmos ay naunang matuto sa pagsasalita ng mga pangalan ng bagay at pandiwa. Makipag-usap sa kanila tungkol sa mga bagay na makikita sa bahay at sa inyong kapaligiran.

### Turuan ng pakunti-kunti

Ang pag-aaral ng wika ay dahan-dahang gawin. Inaasahan ang paulit ulit na gamit nito. Maaaring 50 beses nila ito maririnig bago nila ito magamit sa kanilang pagsasalita.

### Paggugulan ng maraming oras ang mga batang bihirang nagsasalita

Kung minsan ang mga bata ay magsasalita lamang kung kayo at siya ay nagkaroon ng sariling oras, kahit sa i-ilang minuto lamang.

### Maglaan ng pagkakataong makipag-usap

Kapag nakuha ng bata ang kanilang gusto sa pamamagitan ng pagturo lamang sa isang bagay, hindi na nila kailangan pang magsalita. Himukin ang mga bata na sabihin sa pamamagitan ng pagbigkas ng salita ang anumang bagay na gusto nila.


Produced by Westcoast Child Care Resource Centre, www.wstcoast.org

This project is made possible through funding from the Government of Canada and the Province of British Columbia.

### Ikuwento ang inyong ginagawa

Ilarawan sa mga bata ang inyong pang araw-araw na ginagawa. Halimbawa, "Hina halo ko ang mainit na sabaw upang di ako mapaso" o "Binabato mo ang bola." Nang sa ganitong pamamaraan matutuhan nilang magkaroon ng bagong salita at maintindihan ang ibig nitong sabihin.

### Dagdagan ang kanilang mga sinasabi

Ipakita sa mga bata na naintindihan mo ang ibig nilang sabihin. Halimbawa, kapag sinabi ng bata "Sige Daddy, pumunta ka." Pwede mong sabihin, "OO pupunta si Daddy sa tindahan." Ito ay makakapagbigay ng maraming inpormasyon sa bata at mga bagong salita. Kapag sinabi ng nakakatandang bata "Nagpunta ako sa tindahan" pwede mong sabihing, "OO nagpunta ka sa tindahan."

### Umawit ng musika

Ang pag-awit ng isang musika ay paraan upang matutunan ang wika, ang pagkukuwento at ang pagsasalarawan ng mundo.

### Magtanong sa mga bata

Tulungang matuto ang mga bata na makipag-usap sa iba. Magtanong patungkol sa kanilang damdamin at ideya. Halimbawa, "What do you think will happen next?" o "Why do you think that?" o "How do you feel about that?"

### Magbasa ng kuwento sa mga bata

Gawing madalas na magbasa ng kuwento sa mga bata. Ang pakikinig sa mga kuwento ay nakakatulong sa mga bata na matutunan ang wika at paraan na matutunan din nila ang pagbabasa.

### Isalaysay ang kuwento

Isalaysay sa mga bata ang mga paboritong kuwento noong ikaw ay bata pa tulad nila. Ang pagbibigay ng kuwento ay isang paraan na matutunan ng mga bata ang kanilang mga kultura at pamana. Himuking sila rin ay magsasalaysay ng mga kuwento.

### Limitahan ang telebisyon

Ang panunuod sa telebisyon ay isa ring paraan na matutunan ng mga bata ang wika . Kinakailangang makasanayan ang paggamit ng wika sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iba.



This project is made possible through funding from the Government of Canada and the Province of British Columbia.